SILYAB
Rebolusyonaryong pangmasang pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan sa Rehiyong Bikol
TOMO XLIII BLG. II

# *Pasistang Opensiba ng Rehimeng US-Duterte*

*Serye 2*

ISANG PRAYMER HINGGIL SA MEMORANDUM ORDER NO. 32 AT EXECUTIVE ORDER NO. 70

Ang Memorandum Order No. 32 at Executive Order No. 70 ay bahagi ng serye ng mga pasistang opensiba ng rehimeng US-Duterte. Umaalinsunod ang dalawa sa Whole-of-Nation-Approach ng imperyalistang US. Sa pamamagitan ng naturang mga anti-mamamayan at militaristang atas, pinaiiral ng rehimeng US-Duterte ang de-facto Batas Militar na sumusupil sa karapatan ng mamamayan at naglalayong wakasan ang rebolusyonaryong kilusan sa katapusan ng 2019 (dating itinakda na 2018) na muli rin nilang pinalawig sa 2020.

## 1. Ano ang estratehiyang Whole-of-Nation-Approach (WoNA) ng Oplan Kapayapaan?

Ang WoNA ay ang kabuuhang estratehiyang sinusunod ng AFP sa pagpapatupad ng kontrainsurhensyang kampanyang Oplan Kapayapaan. Ibinalangkas ito sa kanilang National Internal Security Policy (NISP) 2017-2022. Unang ilinatag ang doktrinang WoNA sa Oplan Bayanihan ng rehimeng US-BS Aquino (2010-2016). Nakabatay ito sa *whole-of-society-approach* ng 2009 US Counter-insurgency Guide.

Isa itong pagtatangkang **maging masaklaw ang** kampanyang kontra-insurhensya, dagdagan ang makinaryang para rito at tiyakin ang koordinadong pagsisikap sa pagitan ng militar, gubyerno at iba pang mga sektor kabilang na ang mga sibilyang ahensya at organisasyon. Sa pamamagitan ng WoNA, tinataya ng AFP na mareresolba nila ang kanilang mga kahinaan sa paggapi ng rebolusyonaryong kilusan at makakamit ang kanilang target na padapain ang CPP-NPA-NDFP sa loob ng panunungkulan ni Duterte bilang pangulo. Bagay na hindi nakamit ng mga iba pang mga oplan ng mga nagdaang rehimen.

Mula sa paglalagom ng nabigong Oplan Bayanihan, tinatarget ng Oplan Kapayapaan na masinsing maipatupad ang *all-spectrum dominance* o ang pangingibabaw sa lahat ng larangang kailangan sa kontra-rebolusyonaryong gera kabilang na ang kontrol sa larangang militar, masmidya, batas at husgado at maging sa internasyunal na ayuda at pakikipag-ugnayan. Ayon sa COIN Guide, ang *all-spectrum dominance* ay isang mahalagang salik sa pagpapatupad ng *whole-of-society-approach.*

Sa balangkas ng WoNA, ilinulunsad ng Oplan Kapayapaan ang *war of rapid conclusion* o mapagpasyang digmang mabilisang tinatapos sa pamamagitan ng pinatinding magkatambal na masinsing operasyong saywar at mararahas na armadong operasyon.

Ang masinsing operasyong saywar ay sumasaklaw sa pinatinding kontrarebolusyonaryong propaganda, pagtatangkang kontrolin ang mga institusyon ng midya, pagpapakalat ng mga pekeng usapin tulad ng Red October Plot, *fake surrenderees, 'extortion'* at gawa-gawang labanan at pagsasagawa ng mga lihim na operasyon tulad ng pamiminsala ng kabuhayan, pagdukot, pamamaslang at masaker upang sindakin o pinsalain ang mga demokratikong organisasyong masa.

Ipinatutupad naman ng Oplan Kapayapaan ang pinatinding operasyong kombat laban sa mga larangang gerilya ng BHB sa pamamagitan ng paghahabol na maibalik ang timbangang 'isa-laban-sa-sampu' na

tinataya ng AFP na makapagbibigay sa kanila ng superyor na pwersang pinakaepektibo sa pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan sa pinakamabilis na panahon.

Upang mangyari ito, pinatitindi ang kampanyang *gradual constriction* at ilinulunsad ang mga *nakapokus at sustenidong operasyon* alinsunod sa *operasyong triad* o ang sabayang paglulunsad ng operasyong kombat, paniktik at sibil-militar. Ginagamit ang mga operasyong sibil-militar tulad ng Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) upang palakasin ang operasyong paniktik at paigtingin ang operasyong kombat. Layunin nitong unti-unting pagkaitan ng suportang masa ang BHB, paghiwa-hiwalayin ang mga larangang gerilya at itulak sa mga gasgasang labanan ang mga yunit ng Pulang Hukbo.

Pangunahing pwersang ginagamit at ilinalatag ng AFP ang mga Peace and Development Teams (PDT) sa mga lugar na tinukoy nilang mayroong malakas na impluwensya at suporta sa rebolusyonaryong kilusan. Ang PDT ay unang ginamit sa panahon ng Oplan Bayanihan bilang panghalili sa Re-engineered Special Operations Team (RSOT) ng Oplang Bantay Laya (OBL).

Ibayong binigyang-pangil ng rehimeng US-Duterte ang pagpapatupad ng Oplan Kapayapaan sa pamamagitan ng paglalabas ng mga kautusang sumusuhay dito. Bago matapos ang taong 2018, magkasunod na ilinabas ang Memorandum Order 32 (Reinforcing the Guidelines for the Armed Forces of the Philippines and the Philippine National Police in the Implementation of Measures to Suppress ang Prevent Lawless Violence) noong Nobyembre 2018 at ang Executive Order 70 (Institutionalizing the Whole-of-Nation Approach in Attaining Inclusive and Sustainable Peace, Creating a National Task Force to End Local Communist Armed Conflict, and Directing the Adoption of a National Peace Framework) noong Disyembre 2018.

## 2. Ano ang linalaman ng MO 32?

Sa bisa ng MO 32, isinasailalim ang Kabikulan at mga isla ng Negros at Samar ng Visayas sa *state of national emergency on account of lawless violence* o deklarasyon ng pambansang emerhensya dulot ng magulong karahasan.

Pinagtitibay ng MO 32 ang naunang Memorandum Order No. 3 na nagbibigay-laya sa militar at pulis na magsagawa ng mga operasyon upang labanan umano ang *lawless violence* at pigilan ang paglaganap nito sa ibang bahagi ng bansa. Ang MO 32 at MO 3 ay kapwa sumusuhay sa Proclamation No. 55 ni Duterte na nagsailalim sa Mindanao sa *state of national emergency* at nag-uutos sa militar at pulis na patindihin ang pagsugpo sa 'karahasan'.

Sang-ayon sa naturang atas, iniutos ni Duterte ang pagdaragdag ng pwersa ng militar at pulis sa mga prubinsya ng Bikol, Negros at Samar. Sa kagyat, ang mga dating pwersang mula sa mga naturang lugar na dinala sa Mindanao ay ibabalik upang mapalakas umano ang pagharap sa "acts of lawless violence". Binibigyang basbas ng direktiba ang pagsasagawa ng mga militar at pulis ng mga pagsita, pagkapkap, paghalughog at pagkumpiska, magtayo ng mga tsekpoynt at maglunsad ng mga *strike operations*. Ang sinumang mahuli sa mga operasyong militar at mapaghinalaang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan ay sasampahan ng kaso at iligal na aarestuhin.

Upang maisakatuparan ito, pinalakas ang *unified command* ng mga yunit pangkombat ng AFP, PNP, Philippine Navy (PN), Philippine Air Force (PAF) at Citizen Armed Forces and Geographical Units (CAFGU)

sa ilalim ng mga Joint Task Force. Gayundin, pinalahok ang lahat ng mga lokal na yunit ng gubyerno (LGU) at ahensya ng gubyerno sa mga operasyong militar sa kani-kanilang mga saklaw na lugar.

Pinatitindi rin ang *intelligence operations* ng AFP at PNP laban sa mga indibidwal o grupong banta umano sa seguridad ng bansa at ipinag-uutos ang kagyat na pag-imbestiga at pagsasampa ng kaso sa mga masasangkot dito. Sa depinisyon ng banta sa seguridad na isinasaad ng Human Security Act (HSA) of 2007 na siyang ginagamit na batayan ng rehimen, sinasaklaw maging ang mga simpleng umpukan ng mga mamamayan, pagdalo sa pagtitipon, paglahok sa sama-samang produksyon, pagtatayo ng organisasyon at samahang masa at paglahok sa mga kilos-protesta.

Sang-ayon sa HSA, maaaring ituring mg militar at pulis bilang 'teroristang hakbangin', 'banta sa seguridad' at 'lawless violence' ang anumang porma ng pakikibakang masa maging ang mga karaniwang aktibidad at lehitimong karapatan ng masa na maaring gamitin sa pagtuligsa laban sa gubyerno . Kaugnay nito, ipinakat sa iba't ibang bahagi ng bansa ang mga Duterte Death Squads (DDS) na mula sa mga *intelligence at special operations unit* ng AFP at PNP na siyang nasa likod ng sa mahigit 27,000 kasong ekstrahudisyal na pamamaslang.

## 3. Ano ang linalaman ng EO 70?

Sa ilalim ng EO 70, isinasabatas ang pagpapatupad ng estratehiyang militar na WoNA sa pamamagitan ng pagbubuo ng isang National Task Force to End Local Communist Insurgency (NTFELCI). Sang-ayon sa konseptong *base denial* ng WoNA, pangunahing layunin nito ang tiyaking malakas ang suporta ng mamamayan sa kontra-insurhensyang programa ng rehimen habang pinagkakaitan naman ang rebolusyonaryong kilusan ng suporta at rekurso.

Ang naturang task force ay nasa ilalim mismo ng Office of the President. Pamumunuan[1] ito ni Duterte bilang tagapangulo at ni dating AFP Chief at ngayon ay National Security Adviser Hermogenes Esperon, bilang pangalawang tagapangulo. Sina Department of National Defense (DND) Sec. Delfin Lorenzana at Department of Interior and Local Government (DILG) Sec. Eduardo Año naman ang uupo bilang mga namumunong mga kasapi. Kasapi rin ng NTFELCI ang Chief of Staff ng AFP at Director General ng PNP.

Gayundin, itinatakda sa probisyong *convergence* ng naturang *executive order* na lahat ng ahensya, sangay at instrumentalidad ng gubyerno, maging ang pribadong sektor ay dapat na sumuporta, lumahok at tumalima sa lahat ng kaakibat na programa o komiteng bubuuhin para sa kampanyang kontrainsurhensya. Kabilang sa mga inaatasang lumahok ang mga pampublikong institusyon tulad ng mga pamantasan at hospital, simbahan, midya at iba pang institusyong sibil. Kaakibat nito, binibigyang-ligalidad ang paggamit sa mga rekurso at pasilidad ng reaksyunaryong gubyerno para sa kampanyang kontra-insurhensya.

Pangunahing tungkulin ng NTFELCI na ipatupad ang isang *'whole-of-nation-approach National Peace Framework'* (NPF) na magsisilbing balangkas ng pangkalahatang kampanyang pagpapasurender laban sa CPP-NPA-NDFP at lahat ng tagasuporta nito. Sa balangkas ng isang NPF, isinusulong ang paglulunsad ng mga lokalisadong usapang pangkapayapaan at pangangasiwa sa programang PAMANA at Enhanced Comprehensive Local Integration Program (ECLIP). Layunin nitong tanggalin ang NDFP at CPP sa proseso ng usapang pangkapayapaan at gawin ito sa pagitan ng lokal na gubyerno at mga lokal na yunit ng NPA.

Upang matiyak ang pagpapatupad ng NPF, patuloy na pagaganahin ng NTFELCI ang mga dati nang binuong Peace and Order Councils sa panahon ng rehimeng US-BS Aquino. Dagdag dito, itinatayo rin ang

mga karagdagang mga inter-ahensya at multi-sektoral na mga cluster, konseho, komite at grupo. Pinapagana ng NTFELCI ang 12 *operational clusters/pillars*[2] o kulumpon/haligi na may mga partikular na layunin at programang tatapat umano sa programa ng Pambansa-Demokratikong Rebolusyon.

## 4. Paano ipinapatupad ang MO 32 at EO 70 sa Kabikulan?

Sa bisa ng MO 32, ipinakat sa rehiyon ang 96th IBPA, isa sa mga bagong buong batalyon ng rehimen, kasabay ng pagpaplanong ibalik ang 42nd at 49th IBPA na kasalukuyang nakadeploy sa sa Zamboanga del Norte at Lano del Sur. Noong Nobyembre 2018, sinimulan na rin ang pagdeploy ng dagdag na pwersa mula sa PNP-Special Action Force (SAF).

Binuo rin ang Joint Task Force Bicolandia sa pamumuno ng 9th IDPA katuwang ang PNP Region 5 at CAFGU sa *land component*, Naval Task Force 31 (NTF 31) ng PN bilang *naval component* at Tactical Operations Group 5 (TOG 5) ng PAF bilang *air component.* Ang JTFB ang makinarya para sa higit na malawakang kampanyang militar at nangunguna sa pagbubuo at pagpapagana ng iba't ibang daluyan ng koordinasyon tulad ng Regional Peace and Order Council na pinangungunahan ni Legazpi City Mayor Noel Rosal at National Intelligence Coordinating Council-Bicol na pinamumunuan naman nina PNP Regional Director Chief Supt. Arnel Escobal at Retired Brig. Gen. Claudio Yucot.

Ipinaloob din sa naturang task force ang mga kinatawan ng sibilyang burukrasya tulad ng Department of Interior and Local Government (DILG), Department of Environment and Natural Resources (DENR), Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR), Department of Social Work and Development (DSWD), Department of Public Works and Highways (DPWH), Department of Health (DOH), Department of Tourism (DOT), Department of Science and Technology (DOST) at National Irrigation Administration (NIA).

Noong 2018, bilang paglalatag ng entablado para sa tuluy-tuloy na pagpapatupad ng EO 70, sapilitang pinapipirma ang mga LGU at ilang ahensya ng gubyerno sa mga Memorandum of Understanding (MOU) upang gawing lehitimo ang presensya ng militar sa erya at ang paglahok ng mga naturang ahensya sa kampanyang pagpapasurender ng kaaway. Matingkad na halimbawa nito ang panggigipit sa mga upisyal ng barangay sa mga bayan ng Labo sa Camarines Norte at Ragay at Del Gallego sa Camarines Sur.

Sa Catanduanes, pinirmahan ni Gov. Joseph Cua ang Executive Order No. 42 (EO 42), series of 2018 na nagbubuo ng isang pamprubinsyang komite para sa E-CLIP. Ang komiteng ito ay pinamumunuan ni Gov. Cua bilang tagapangulo at ni Brig. Gen. Peale Jon Bondoc, kumander ng 902nd Infantry Brigade bilang pangalawang tagapangulo. Kabilang din sa mga kasapi ng komite ang ilang mga kinatawan mula sa Provincial Social Welfare and Development, DILG-Catanduanes, PNP at civil society organizations.

Kasabay nito, pinatindi ang operasyong triad (CMO, paniktik, kombat) ng mga PDT sa piling mga bayan at lunsod sa buong rehiyon. Pinupulong ang masa at sapilitang pinapipirma at kinukunan ng larawan. Iligal na nagsasagawa ng census sa mga pamilya at residente ng mga komunidad. Ang mga pinaparatangang tagasuporta at kaanak ng mga pinaghihinalaang kasapi ng BHB ay tinatakot at binubugbog, hinahulughog ang mga bahay, sinusunog at winawasak ang mga ari-arian, sinasampahan ng mga gawa-gawang kaso at iligal na inaaresto at pinapaslang.

## 5. Ano ang epekto ng MO 32 at EO 70 sa mamamayan?

**Nangangahulugan ang MO 32 at EO 70 ng pinatinding abusong militar at lubhang panganib para sa mamamayan dahil pinaiiral ng mga ito ang isang de-factong batas militar sa buong bansa. Sinusuhayan nito ang todo-gera sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, brutal na gera-kontra-droga, pagpapalawig ng batas militar sa Mindanao hanggang katapusan ng taon, pagdedeklara ng *state of national emergency, red-tagging* at panunugis sa mga ligal-demokratikong organisasyon at iba pang pasistang opensiba ni Duterte.**

Sa pamamagitan ng MO 32 at EO 70 pinasisinsin at pinabibilis ni Duterte ang pagpapailalim ng buong sibilyang burukrasya sa kontrol at kumand ng militar. Ilinalatag nito ang pundasyon para sa sukdulang panunupil sa lahat ng karapatang demokratiko at sibil ng mamamayan gayundin ang pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan. Nagsisilbi ito sa pagtatangka ni Duterte na tuluyang maitindig ang kanyang pasistang diktadura at tuluy-tuloy na maipatupad ang mga neoliberal na atake laban sa mamamayan.

Dinaranas ng mamamayan ang walang-patumanggang pag-atake sa kanilang buhay at kabuhayan. Aktibong tinatarget ng mga death squad ang mga upisyal ng lokal na gubyerno, kilalang tumutuligsa sa rehimeng US-Duterte, mga lider-masa at sinumang pinaghihinalaang may kaugnayan sa rebolusyonaryong kilusan. Samantala, dahil sa pagkubabaw ng militar sa sibilyang buruksya, nakatali ang kamay ng mga upisyal ng lokal na gubyerno at hindi na maipagtatanggol ang karapatan at kagalingan ng masa laban sa pang-aabuso at panghihimasok ng kaaway sa kanilang mga aktibidad, ari-arian, kabuhayan at iba pang sibilyang imprastruktura.

Nahigitan ng rehimeng US-Duterte ang 14 taong rekord ng mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao ng diktadurang Marcos sa loob lang ng tatlong taon sa panunungkulan. Sa kasalukuyan, umabot na ng mahigit 27 libo ang biktima ng Oplan Tokhang labas pa sa 222 kasong naitala ng mga organisasyong nagtataguyod sa karapatang-tao tulad ng Karapatan. Mula Disyembre 2018 hanggang Enero ngayong taon, ilinunsad sa Negros ang Synchronized Enhanced Managing Police Operations (SEMPO) o Oplan Sauron sa Guihulngan City, Negros Oriental na nagresulta sa lampas 50 kaso ng iligal na pag-aresto at pitong kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang.

Ngayong Marso, 14 na magsasaka ang brutal na pinaslang ng mga elemento ng 94$^{th}$ IBPA, PNP-Canlaon at Special Action Forces (SAF) sa Canlaon City, Negros Oriental. Ang mga pinaslang na sina Edgardo 'Gadong' Avelino, Ismael Avelino, Rogelo Recumuno, Ricky Recumuno at 10 iba pa ay pawang mga sibilyan. Si Ismael Avelino ay lider ng asosasyon ng mga magsasaka sa ilalim ng Hugpong Kusog Mangunguma (HUKOM) Canlaon City Chapter ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Samantala, ilang sibilyan na rin ang iligal na inaresto at sinampahan ng gawa-gawang kaso sa iba't ibang bahagi ng Negros Oriental.

Higit na malaki ang danyos ng militarisasyon sa kabuhayan ng masa kaysa sa mga sakuna at kalamidad. Linilimitahan ng mga militar ang produksyon ng masa at ipinapatupad ang blokeyo sa pagkain sa mga eryang mayroong operasyong militar. Tinatayang aabot sa P4.5 milyong kabuuang kita ang nawawala sa isang komunidad na mayroong 100 ektaryang produktibong lupain sa loob ng isang anihan sa bawat panahong okupado ito ng militar. Hindi pa kasama rito ang epekto sa kinabukasan ng mga kabataang natitigil sa kanilang pag-aaral at tinutugis ang mga magulang sa panahon ng matitinding operasyong militar. Gayundin, linilimitahan din ng militar ang pag-abot ng tulong at pagsasagawa ng mga misyong pangkagalingan ng mga NGO at progresibong samahan. Binubuwag din ang mga dati nang nakatayong samahan sa kooperasyon ng masa o kaya ay inoobliga ang mga ito na sumailalim sa kumand ng militar.

Kinasasangkapan din ni Duterte ang naturang mga atas upang tiyaking konsolidado ang kapangyarihang pampulitika sa kamay ng kanyang pangkatin. Isa sa mga pokus ng mga death squads at 'special operations group' ang kanyang mga karibal sa pulitika. Tinatakot, ginigipit at pinapatay ang mga kandidatong karibal at sa mga pinagdududahang hindi mapagkaibigan sa militar o sumusuporta sa kontra-rebolusyonaryong gera.

## 6. Paano lalabanan ang MO 32, EO 70 at ang 'de facto' Batas Militar?

Ang pasista, terorista at tiranong paghahari ng rehimeng US-Duterte na ngayon ay pinaiiral sa pamamagitan ng de-facto batas militar at sinusuhayan ng mga kautusang tulad ng MO 32 at EO 70 ang pangunahing suliraning hinaharap ng masa. Dapat puspusang labanan at tutulan ang paggamit ng kalupitan at dahas ng estado sa pagpatupad ng mga neoliberal na patakaran, pagsasamantala sa lakas paggawa, pandarambong sa yamang mineral, pagpapalayas sa mga pambansang minorya at pagwasak ng mga komunidad ng magsasaka para sa dayuhang interes.

Dapat ipawalambisa at ibasura ang MO 32 at EO 70 at iba pang mapanupil na batas at kautusan tulad ng Proclamation 216 (Batas Militar sa Mindanao), Proclamation 55, MO 3 at HSA. Dapat ipagtanggol ang ligal na mga demokratikong karapatan ng mamamayan, labanan ang de facto batas militar ni Duterte at pigilan ang ganap na pagtungo nito sa isang pasistang diktadura.

Dapat masikhay na palawakin ang anti-pasistang nagkakaisang prente na ubos-kayang lalaban at magpapabagsak sa tiraniko at teroristang rehimeng US-Duterte. Dapat pagkaisahin ang lahat ng mga demokratikong pwersa at sektor sa lipunan kabilang na ang mga magsasaka, manggagawa, kabataan, propesyunal, akademiko, kawani, taong-simbahan, tagapagtaguyod ng karapatang-tao, kagawad ng midya at mga makabayang upisyal ng gubyerno.

Hamigin ang suporta ng internasyunal na komunidad at mga tagapagtaguyod ng kapayapaan sa loob at labas ng bansa. Himukin ang mga kagawad ng midya na tumindig para sa katotohanan at ibunyag ang malawakang saywar at pagkontrol sa impormasyon ng rehimen. Ipanawagan din sa mga naliliwanagang elemento ng AFP-PNP-CAFGU ang pagtalikod sa kanilang pagsisilbi sa pasistang estado at ang pagpanig nila sa paglaban ng masa.

Dapat ikawing ang anti-pasistang paglaban sa anti-imperyalistang pakikibaka at palakasin ang suporta sa mga pakikibakang antipyudal. Singilin ang panghihimasok at tuwirang pagsuporta ng imperyalistang US sa pasistang opensiba ng rehimeng US-Duterte.

Kasabay nito, dapat isulong ang iba't ibang anyo ng pakikibakang pang-ekonomiya, pangkabuhayan at pangkagalingan. Labanan at ipanawagan ang pagbabasura sa mga batas na lubhang nagpapahirap sa mamamayan. Papanagutin si Duterte sa kanyang mga neoliberal na atake tulad ng pabigat na buwis, implasyon, maling paggamit ng pondo ng bayan at korapsyon ng mga burukrata at iba pang kontra-mamamayang patakaran. Imbestigahan sa pagbibigay proteksyon sa kapanalig na malalaking sindikato sa droga at tuwirang paghahari nito sa maraming iligal na aktibidad maliban sa droga.

Isulong ang mga anti-pasista, anti-imperyalista at anti-pyudal na pakikibakang ito sa pamamagitan ng mga papalaking kilos protesta at demonstrasyon. Salimbayang paunlarin ang mga ito sa pamamagitan ng paglulunsad ng mga piket, rali, martsa, welga, boykot, walk-out, kampanyang propaganda, pulung-pulong, grupong talakayan, house to house at iba pa. Maging mapanlikha sa paggamit ng iba't ibang daluyan ng

midya tulad ng radyo, telebisyon at social media upang makapagpalaganap ng iba’t ibang porma ng propaganda. Dapat paunlarin ang daluyong ng kilusang masang magpapabagsak sa rehimeng US-Duterte.

Sa kanayunan, malaki at mahalagang ambag sa pagpahina ng rehimen at reaksyunaryong paghahari ang mga taktikal na opensiba ng hukbong bayan. Sa proseso ay magpapalakas din ito ng armadong pwersa at baseng masa upang maiangat sa mas maunlad na antas ang digmang bayan.

Kaugnay nito, dapat mahusay na isulong ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa upang mapahina ang kaaway. Ubos-kaya at mapangahas na maglunsad ng mga batayang taktikal na opensiba at mga koordinadong taktikal na opensiba laban sa mahihinang bahagi ng kaaway upang bigwasan ang kanilang hanay at makasamsam ng armas. Katuwangl nito ang paglulunsad ng malaganap na mga atritibong aksyon.

Sa huli, nasa kamay ng nagkakaisang hanay ng mamamayan ang kapangyarihan upang mapatalsik at papanagutin ang rehimeng US-Duterte at mapagpasyang isulong ang makatarungan at pangmatagalang pagbabagong panlipunan.